

## Samuel

(1 Samuel 1-3)

Noong mga unang panahon, may isang babae na nanggagalang Hannah na naghahangad na magkaroon ng isang sanggol. Siya ay palaging nagdarasal sa Diyos araw-araw, hinihiling na bigyan siya ng anak na mamahalin.



Isang araw, narinig ng Diyos ang mga dasal ni Hannah, at siya ay pinagkalooban ng anak. Nang ipanganak niya ang kanyang baby boy, tinawag niya itong Samuel. Matinding galak at lubos ang kanyang pagpapasalamat sa Diyos sa pagdinig sa kanyang daing.

Sobrang mahal ni Hannah si Samuel, ngunit may pangako siya sa Diyos. Sinabi niya, "O Panginoong makapangyarihan, kung ibibigay mo sa akin ang isang sanggol, ibabalik ko siya sa Iyo. Siya ay maglilingkod sa Iyo sa buong buhay niya."

Nang lumaki na si Samuel, dinala siya ni Hannah sa isang espesyal na lugar na tinatawag na tabernakulo, kung saan ang mga tao ay pumupunta upang sumamba sa Diyos. Doon, si Samuel ay nanirahan kasama ang punong pari na nanggagalang Eli. Si Eli ang tumutulong sa kanya na matuto patungkol sa Diyos at kung paano maglilingkod sa Kanya.

Isang gabi, habang natutulog si Samuel, siya ay nakarinig ng isang tinig na tumatawag sa kanyang pangalan. Iniisip niya na si Eli ang tumatawag sa kanya, kaya't tumakbo siya at sinabi, "Nandito ako, Eli! Tinawag mo ba ako?" Ngunit sinabi ni Eli, "Hindi, Samuel, hindi kita tinawag. Matulog ka na ulit."

Ito ay nangyari pa ng dalawang beses hanggang sa napagtanto ni Eli na ang Diyos ang tumatawag kay Samuel. Sinabi niya kay Samuel na sa susunod na marinig niya muli ang tinig ito ang kanyang sasabihin, "Magsalita po Kayo Panginoon, dahil narito ang Iyong lingkod, nakikinig."

Nagsalita ang Diyos kay Samuel at sinabi sa kanya na siya ay magiging isang espesyal na tagapagdala ng mensahe para sa Kanya. Mula sa araw na iyon, si Samuel ay maingat na nakikinig sa mga salita ng Diyos at tumutulong sa mga tao ng Israel na malaman kung ano ang gusto ng Diyos para sa kanila.

Si Samuel, isang batang nakinig sa tinig ng Diyos at ay lumaking isang dakilang propeta at tagapamuno ng Israel, habang patuloy siyang pinapatnubayan ng Diyos.



Ang Diyos ay nangungusap sa atin. Sa pamamagitan ng karanasan ni Samuel makikita na bagamat bata pa siya nangusap na sa kanya ang Diyos. Ang Diyos ay nangungusap din sa atin pamamagitan ng Bibliya. Ang pagbabasa nito ay makakatulong sa atin upang malaman ang nais ng Diyos na ating gawin. Handa ka bang makinig at sumunod sa Kanyang sasabihin sa iyo?

